# Ang Duyan ni Gingging




Isinulat nina:


J-lyn M. Garcia
Betsy B. Lozano
Cristina M. Lansangan
Rose Ann D. Tel
Melody I. Austria
Ailene S. Halili

Iginuhit ni:

Ronald C. Dare

Inilapat ni:

Charles O. Bungay



Competencies

- Nasasabi ang sariling pagkakakilanlan sa iba't ibang pamamaraan. (AP1NAT-Ib-3 )

- Nakatutukoy ng mga kilos at gawain na nagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit. (EsP1PKP - Ii– 8)



DEVELOPMENT TEAM

Kwento nina: J-lyn M. Garcia
Cristina M. Lansangan
Melody I. Austria
Betsy B. Lozano
Rose Ann D. Tel
Ailene S. Halili

Guhit ni: Ronald C. Dare

Lapat ni: Charles O. Bungay


Learning Resource Managers:

Ruel F. Bondoc
Alternartive Learning System/Indigenous People Education, EPS-I

Ruby M. Jimenez, PhD
Learning Resources Management and Development Section, EPS-I

Division of Pampanga

# Ang Duyan ni Ginging








Maagang gumising si Aling upang makita ang kanyang kaibigang si Gingging.





Masayang naglalaro sa bukid si Aling at Gingging gamit ang duyan na yari sa sako at baging. Tuwang-tuwa si Aling habang dinuduyan ni Gingging.






Napansin ni Gingging ang lamat sa baging.






Kaya naghanap sila ng pamalit na baging malapit sa mga puno ng saging.






Umakyat si Gingging sa puno ng saging para kumuha ng baging "Dahan-dahan sa pag-akyat Gingging," pasigaw na sabi ni Aling.






Biglang nadulas si Gingging at napakapit sa baging.






Nagulat si Aling sa nangyari kay Gingging. Tinawag ni Aling ang napadaang si Mang Kaging. “Mang Kaging! Tulungan po natin si Gingging,” wika ni Aling.






Makikita ang takot sa mukha ni Gingging habang dali-dali siyang ibinababa ni Mang Kaging, hawak-hawak ang baging.





Nagtatalon sa tuwa sina Aling at Gingging. Nagpasalamat sila kay Mang Kaging sa pagligtas nito kay Gingging.






“Bakit kayo narito Aling at Gingging?” pagtatakang tanong ni Mang Kaging. “Kumukuha po kami ng baging para sa nasirang duyan ni Gingging,” sagot ni Aling.





Gamit ang itak pinutol ni Mang Kaging ang baging upang ibigay kina Aling at Gingging.






“Nasaan ba ang nasira ninyong duyan?” tanong ni Mang Kaging. “Naroon po sa may bukid,” tugon nina Aling at Gingging.





Nagtungo sila sa bukid
kasama si Mang Kaging
upang palitan ang nasirang
baging na duyan ni Gingging.






Masaya muling naglaro ang magkaibigang sina Aling at Gingging gamit ang duyan na gawa sa sako at baging.



## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT, AT TAGALAPAT

| | |
|---|---|
| J-LYN M. GARCIA: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Diaz Elementary School,<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| CRISTINA M. LANSANGAN: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Diaz Elementary School,<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| BETSY B. LOZANO: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Sapang Uwak Elementary School<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| ROSE ANN D. TEL: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Sapang Uwak Elementary School<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| MELODY I. AUSTRIA: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Villa Maria Integrated School<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| AILENE S. HALILI: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Villa Maria Integrated School<br>Porac, Pampanga<br>bilang Teacher I |
| RONALD C. DARE: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>San Vicente Elementary School<br>Apalit, Pampanga<br>bilang Master Teacher I |
| CHARLES O. BUNGAY: | Kasalukuyang nagtuturo sa<br>Mexico Elementary School<br>Mexico, Pampanga<br>bilang Master Teacher I |



Masayang naglalaro sa bukid sina Aling at Gingging gamit ang duyan na yari sa sako at baging. Nagkalamat ang baging kaya't naghanap sila ng pamalit dito. Biglang nadulas si Gingging sa puno ng saging.

Ano kaya ang susunod na mangyayari? Maliligtas kaya ni Aling ang kaibigang si Gingging? Makakapaglaro pa kaya sila gamit ang duyan na yari sa sako at baging?